

Pagpatupad ng mga Programa sa Pagbasa at Kasanayan ng mga Mag-aaral ng Baitang 3 sa Dibisyon ng Lunsod Batangas

Julie C. Aclan ¹

1 – Golden Gate Colleges

Julie.carandan@deped.gov.ph / 0009-0001-4265-4083

Publication Date: June 3, 2026

DOI: **10.5281/zenodo.20525872**

Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay naglalayon na masuri ang pagpapatupad ng mga programa sa pagbasa at ang kasanayan ng mga mag-aaral sa Baitang 3 sa Dibisyon ng Lunsod Batangas. Nakatuon ito sa tatlong pangunahing programa ng Kagawaran ng Edukasyon: Brigada Pagbasa, E-Readers, at Hamon: Bawat Bata Bumabasa. Sinuri ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa batay sa pagbigkas, pang-unawa, at pagsasalin ng konteksto ng binasa, gayundin ang mga hamon na nararanasan ng mga guro sa pagpapatupad ng mga nabanggit na programa.

Ginamit sa pananaliksik ang deskriptibong metodo na may kaukulang talatanungan bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Ang mga kalahok ay mga guro sa Baitang 3 mula sa mga pampublikong paaralan sa Dibisyon ng Lunsod Batangas. Ang nakalap na datos ay inanalisa sa pamamagitan ng istatistikal na pamamaraan upang matukoy ang ugnayan ng pagpapatupad ng mga programa at antas ng kasanayan sa pagbasa.

Lumabas sa resulta na ang mga programang pampagbasa ay may mahalagang papel sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral, subalit may mga hamon sa implementasyon gaya ng kakulangan sa materyales, limitadong oras, at mababang interes ng mga mag-aaral dulot ng labis na paggamit ng teknolohiya. Ipinakita rin ng pag-aaral na may makabuluhang kaugnayan ang lawak ng pagpapatupad ng mga programa sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Batay sa mga natuklasan, inirerekomenda ng mananaliksik ang pagbuo ng mga makabagong kagamitang panturo, integrasyon ng teknolohiya sa pagbasa, at mas aktibong partisipasyon ng komunidad at magulang upang higit na mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Mga Susing Salita: Pagbasa, Brigada Pagbasa, E-Readers, Hamon: Bawat Bata Bumabasa, Kasanayan sa Pagbasa, Batangas

INTRODUKSYON

Sa gitna ng mabilis na pagbabago ng modernong panahon, nahaharap ang edukasyon sa Ang pangunahing hakbang sa pagkatuto ng mga mag-aaral ay pagsasanay sa pagbasa. Ito ay isang mahalagang kasanayan na makatutulong sa mga mag-aaral upang mabalangkas nila ang mga bagong kaalaman na kakailanganin. Upang makapagbigay ng epektibo na pamamaraan sa pagkatuto ng mga mag-aaral, malaki ang papel na ginagampanan ng isang guro tungo sa pagkamit ng mga layunin na ito.

Sa kontekstong ito, ang kasalukuyang pag-aaral ay naglalayon na makatukoy sa mga programa sa pagbasa na ginagamit ng mga guro kaugnay sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Ito ay maaring gamiting gabay sa pagbuo ng kagamitang panturo sa makabagong paraan.

Ayon kina Quintino at Abagon (2021), ang lebel ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay batayan upang mailarawan ang mga bagay na dapat pang mas linangin sa kanilang pag-aaral. Ang pagkilala sa salita sa pamamagitan ng iba't ibang salik gaya ng maling bigkas, pagpapalit, pagsisingit, pagkakaltas, paglilipat at pag-uulit, gayundin ang pang-unawa sa binasang teksto ay sumasangguni sa kakayanan ng mga mag-aaral na kung minsan ay kahirapan sa pagbibigay kahulugan sa kanilang binabasa. Nahaharap ang maraming kabataan sa hirap ng paglinang sa kanilang kasanayan sa pagbabasa at kakayanan sa pag unawa ng mga teksto sa wika at panitikan. Mula sa hamon na ito sa pagbabasa, isa sa mga salik na dapat isaalang-alang ay ang pagkakaroon ng sistematikong pamamaraan na magmumula sa mga guro upang magabay ang mga mag-aaral.

Batay sa Batas Pambansa 10533 o Ang “Enhanced Basic Education Program” inaasahan na ang mga Pilipinong mag-aaral mula sa mababang antas ng pag-aaral ay lubhang matututo at mahuhubog ang tiyak na kasanayan sa pagbasa. Ang kasanayang ito ay kinapapalooban ng mga tamang pagbigkas ng mga salita, pararila, teksto at iba pa, magkaroon ng malalim ng kasanayan sa pang-unawa sa mga tekstong binabasa at maipakita ang praktikal na pagsasalin sa mga mahahalagang ideya o kaisipan nahinuha mula sa mga teksto gamit ang matalinong pagbasa.

At ayon din sa DepEd Order No. 24 o ang pagpapakilala ng DEPED MATATAG Program na kung saan binibigyang-diin dito ang napapanahong pamamaraan sa pagtuturo sa tamang pagbasa, paggamit ng mga tiyak at epektibong pamamaraan sa pagtuturo at pagkakaroon ng isang makabuluhan at demokratikong pagtuturo at pagkatuto para sa mga guro at mag-aaral.

Samantala, kabilang sa mga programang ito ang Brigada Pagbasa, E-Readers, at Hamon: Bawat Bata Bumabasa. Ang mga programang ito na ipinatutupad ng Kagawaran ng Edukasyon ay nag-iiisang naglalayon na mapataas ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa mababa at mataas na antas ng pag-aaral. Una, ang Brigada Pagbasa ay isang tiyak at epektibong tugon mula sa mga hamon ng mga bata sa mga suliraning kinahaharap kaugnay ang pagbasa. Ang programang ito ay may malalim na inityatibo upang magkaraon ng direktang ugnayan sa mga kaanib ng paaralan tulad ng komunidad, opisyal ng lokal na pamahalaan at mga taong may kinalaman sa pagpapaunlad ng isang paaralan.

Ayon sa DepEd Order No. 179 s. 2019 o ang paglulunsad ng Hamon: Bawat Bata Bumabasa ay isang programang naglalayon na matugunan ang mga hamon ng bawat bata sa mababang paaralan kaugnay nito ang pag-aaral sa wika, pagsulat at numeriko. Ayon din sa kautusang ito, inaasahan na ang mga guro ay magbibigay ng epektibong pamamaraan sa pagtuturo at makabuluhang karanasan upang maging sandata ng mga mag-aaral sa tuluyang pagtatasa ng kanilang mga kasanayan sa pagbasa.



Ang Kagawaran ay naglunsad din ng programa na E-Readers na kung saan ang programang ito ay nakapaloob din bilang tugon sa mga mag-aaral na may mababang kasanayan sa pagbasa. Dagdag pa ng programang ito ang paggamit ng makabagong teknolohiya tulad ng cellphone at iba pa upang maging isang masusing kagamitan sa pagkatuto at paghasa ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Batay sa resulta ng Programme for International Student Assessment (PISA) 2022, lumabas n ang Pilipinas ay kabilang sa mga bansa na may pinakamababang performance pagdating sa creative thinking sa mga estudyanteng may edad 15, kung saan nakakuha lamang ang bansa ng average score na 14, malayo sa average ng OECD na 33. Sa 64 na bansang kasali sa assessment, ang Pilipinas ay nasa bottom four, kasama ang Albania, Uzbekistan, at Morocco. Ipinapakita ng resulta na malaki ang dapat pang pagbutihin sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas upang mahasa ang creative thinking skills ng mga estudyante.

Bilang tungkulin may malaking responsibilidad ang mga guro upang gabayan ang mga mag-aaral sapagkat itinuturing ang pagbasa bilang simula at sentro ng pagkatuto. Ang paglinang sa kasanayan ng mga mag aaral sa elementarya ay may malaki ang impluwensya sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa iba't ibang asignatura. Malaki ang hamon na nakaatang sa mga guro upang magabayang ang mga mag-aaral sa kanilang murang edad. Habang ang hamon na ito ay umiiral, ang kalidad ng kanilang pag-aaral ay maaaring maapektuhan dahil sa mga pagsubok sa mga mag-aaral at guro upang matulungan sila sa kanilang pagkuha ng kaalaman. Sa pamamagitan ng karagdagang mga mapagkukunan sa pagbabasa, ang mga mag-aaral ay maaaring gumawa ng makabuluhang pag-unlad habang ang mga guro ay nagbibigay ng sapat na pagkakalantad sa pagkatuto at pagkakataon.

Sa sitwasyong ito, kailangan ng guro na magbigay ng mga posibleng mapagkukunan ng pagbabasa na angkop para sa pagkatuto ng kanyang mga mag-aaral. Ang mga mapagkukunan sa pagbabasa sa kontekstong ito ay nasa anyo ng mga pandagdag na materyales na naaangkop sa kanilang edad. Sa likas na katangian nito, ang mga karagdagang mapagkukunan ay elektibo, gayunpaman mas kapaki-pakinabang ang mga ito sa pagtuturo ng Ingles. Maaaring hindi ito isang kinakailangang materyal na basahin, gayunpaman, ang interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa ay maaaring higit pang mapaulnad sa pamamagitan ng mga magagamit na pandagdag na materyales.

Upang mapalakas ang pagganyak, na isa sa pinakamahalagang aspeto na nakakaapekto sa pag-aaral, dapat dagdagan ng guro ang mga materyales sa pagbabasa. Gayunpaman, ang pagsasaliksik sa kung anong mga pansuportang materyales ang ginagamit ng mga instruktur sa mga silid-aralan ng wikang Ingles para sa mga layunin sa pagtuturo at pagkatuto ay kulang. Napag-alaman na mas malawak na ginagamit ang mga hindi teknikal na visual na pandagdag na materyal sa pagtuturo kaysa sa teknikal at audio/audiovisual na materyales. Karamihan sa mga item ay inilaan para sa pagbabasa at pagsusulat.

Ang kakayahan ng mga guro sa teknolohiya, pag-iingat sa pagpili ng angkop na mga materyales/teknikal sa pagtuturo, imprastruktura, at mga kasalukuyang pasilidad ng paaralan ay lahat ng mahahalagang elemento na nakakaimpluwensya sa matagumpay na paggamit ng mga pandagdag na materyales sa mga silid-aralan. Bilang karagdagan sa aklat-aralin ng mga mag-aaral, ang mga mag-aaral ay maaaring gumamit ng mga pandagdag na materyales tulad ng mga nobela at iba pang mga bagay. Naglalaman ang mga ito ng mga materyales para sa pagpapaunlad ng kasanayan, gramatika, bokabularyo, at ponetika na kasanayan, mga koleksyon ng aktibidad na pangkomunikasyon, mga mapagkukunan ng guro, at mga mapagkukunan sa web.

Ayon sa “Professional Standards for Teachers” na nakapaloob sa DepEd Order No. 42 s. 2017 ang mga kakayahan at kasanayan ng mga guro ay inaasahang mahalagang mekanismo sa pag-unlad ng edukasyon sa bansa gayundin ang maipatupad ang kalidad ng pagtuturo at mataas na antas ng paghahasa sa mga kakayahan ng mga mag-aaral. Ayon din sa parehong kautusan, ang Domain 1 o Content, Knowledge and Pedagogy ay kinabibilangan ng mga inaasahang kakayahan ng mga guro sa bansa na magpatupad ng mga inobatibo, malikhain at napapanahong mga istratehiya sa pagtuturo upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral lalo na sa makrong kakayahan tulad ng pagbasa. Sa katotohanan, nakapaloob din sa Domain 1 ang pagpapaunlad ng mayamang kakayahan ng mga mag-aaral pagdating sa wika, panitikan at numerikong kakayahan.

Samantala, ayon din sa 21st Century Skills ng mga guro bilang tagapagdaloy ng sentrikong pamamaraan ng pagtuturo, ang kabuuan ng pagtuturo ay dapat nakasa-alang -alang sa pagpapaunlad ng mga kakayahan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga independent learning tasks. At ayon din sa makabagong kakayahan ng mga guro, nakasentro ang pagtuturo sa mga gawain ng mga mag-aaral sa halip na dumaloy lamang sa isip at salita ng mga guro. Ang pamamaraang ito ang siyang naging educational trend at humubog para matugunan ang napapanahong suliraning sa pagtuturo at pagkatuto.

Ang ilang mga halimbawa ng educational trend sa pagbasa sa elementarya na naglalayong mapabuti ang literacy ng mga bata, ay ang mga community-led reading programs kung saan kinikilala at sinusuportahan ng Department of Education (DepEd) ang mga paaralan na may mga programa sa pagbasa na nagmumula sa mga komunidad. Kasama rin dito ang Project RED (Pagbabasa kasama ang Pamilya) kung saan hindi lamang sa paaralan natututo ang mga bata, kundi pati na rin sa bahay kasama ang kanilang mga magulang. Mayroon ding mga programa tulad ng "Basa Ko, Bahagi Ka" na naglalayong itaas ang reading skills ng mga bata sa tulong ng pamilya at komunidad, at ang "Catch Up Fridays" kung saan ginugugol ng mga guro ang Biyernes sa pagtuturo ng reading comprehension sa mga estudyante.

Inilalahad mula sa intensyon ng pananaliksik na ito na ang pagbabasa ng mga mag-aaral ay mas maaaring mapaunlad sa pamamagitan ng mga makabagong paraan. Hindi na lamang sa paggamit ng mga tradisyonal na kagamitan natututo ang mga mag-aaral, kundi sa pamamagitan din ng pagkakaroon ng kakaiba at mas kaaya-ayang istilo mula sa guro. Ang mananaliksik, bilang guro sa pampublikong paraalan ay inaasahang makabalangkas ng mga paraan na makatutulong para sa mga mag-aaral hindi lamang sa mababang paaralan na kanyang pinagtuturuan, maging sa iba pang mga mag-aaral sa sangay ng edukasyon.

Ang pananaliksik na ito ay napapanahon at relatib sa mga suliranin na kinakaharap ng mga mag-aaral. Dahil sa matinding paggamit ng mga mag-aaral ng mga gadgets or elektronikong mga kagamitan, nababawasan ang kanilang interes sa pagbabasa at pag-aaral. Kaya naman, maaaring gamitin ang mga makabagong paraan upang ang mga mag-aaral ay mahikayat na maglaan ng oras para sa kanilang mga takdang aralin. Ang mga makabagong paraan na ito ay akma sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral at masasabing nakaton sa layunin ng pagpapatalas ng kanilang kakayanan sa pagbabasa. Ito ay paghahanda rin sa paglinang ng kanilang pag-unawa sa mga aralin sa ibang asignatura.

Ang pananaliksik na ito ay inaasahang makatutulong sa parehong mga guro at mga mag-aaral sa paaralang elementarya na nag-aaral ng Wika at Panitikan. Ang pag-aaral na ito ay nagkaroon ng eagerness at interes sa mga mananaliksik dahil sa kahalagahan ng pagbasa bilang pangunahing hakbang sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Dahil sa malaking papel na ginagampanan ng guro sa pagtuturo ng pagbasa, naging mahalaga ang pag-unawa sa mga programa sa pagbasa na kanilang ginagamit, lalo na



kaugnay sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Ang layunin ng pag-aaral na ito ay upang makatukoy ng mga epektibong paraan sa pagtuturo ng pagbasa sa mga mag-aaral.

Nakatuon din ang pag-aaral sa pagbibigay-diin sa mga mapagkukunan ng pagbabasa na angkop para sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa paggamit ng makabagong paraan at pagkakaroon ng mga karagdagang materyales, inaasahang mahikayat ang interes at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Wika at Panitikan. Ang mga mananaliksik na guro ay inaasahan na makapagbuo ng mga paraan na magiging epektibo sa paglinang ng kasanayan sa pagbabasa ng mga mag-aaral at matulungan ang mga ito na mapaunlad ang kanilang kaalaman.

Bukod pa rito, ang pag-aaral ay napapanahon at relatib sa mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral. Ang modernong teknolohiya at paggamit ng mga gadgets ay nakakaapekto sa interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa at pag-aaral. Kaya naman, ang pag-aaral ng mga makabagong paraan na maiintegre sa edukasyon ay magiging kritikal sa paghikayat sa mga mag-aaral na maglaan ng oras para sa kanilang mga takdang aralin at pagbabasa.

Mula sa kolektibo at objektibong obserbasyon ng mananaliksik, ang mga mag-aaral ay kadalasang nakakaranas ng suliranin sa pagbasa. Kaugnay nito ang mabagal at hindi wastong pamamaraan ng pagbigkas ng mga salita, mababang antas ng pang-unawa na sustansya o konteksto ng binasa, mabagal at mababang pagsasalin ng kaisipang nauunawaan sa pagbasa ng isang teksto o iba pang uri ng babasahin. Kadalasan ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng hindi wastong pagsasalita sa mga salitang Filipino na nagiging dahilan ng hindi wastong pag-unawa sa kabuuan ng binasa.

Bilang karagdagan, isa pang pangunahing suliranin ang naobserbasahan ng mananaliksik bilang isang guro sa wika at panitikan ay ang mababang interes sa pagbabasa ng mga babasahing nakalimbag sa wikang Filipino. Sa dahilang ito, naobserbahan rin ng mananaliksik kung bakit nagkakaroon ng kawalan ng interes ang mga mag-aaral sa pagbasa at ito ay dulot ng sobra nilang paggamit ng mga makabagong teknolohiya. Kabilang sa paggamit ng makabagong teknolohiya ay ang lubos na pagtutok sa mga social media sites katulad ng facebook, Instagram at twitter. Sa mga kondisyong ito, nakabuo ng tiyak na paglalahad ang mananaliksik kung bakit ang mga mag-aaral ay may mababang antas ng kakayahan sa pagbasa ng Filipino.

Sa kabuoan, ang pananaliksik na ito ay may layuning magkaroon ng malalim na pag-unawa sa mga programa sa pagbasa na ginagamit ng mga guro at mapalakas ang kakayahan sa pagbabasa ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng makabagong paraan at mga pandagdag na materyales.

Ang kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon sa pagsusuri ng mga programa sa pagbasa sa Filipino at antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa ika-3 baitang sa mga pampublikong elementarya na nasasakop ng Dibisyon ng Lunsod ng Batangas. Ito ay gagamiting batayan sa pagbuo ng kagamitang panturo sa makabagong paraan. Ang mga sumusunod na mga katanungan ay inaasahang mabibigyang linaw sa pag-aaral na ito:

1. Paano mailalarawan ang hangganan ng pagpapatupad ng mga guro sa programang pagpapabasa batay sa:

1.1 Brigada Pagbasa ;

- 1.2 Programang E-Readers; at
- 1.3 Hamon Bawat Bata Bumabasa?
2. Ano ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag- aaral ayon sa:
 - 2.1 pagbigkas;
 - 2.2 pang-unawa; at
 - 2.3 pagsasalin ng konteksto ng binasa?
3. May signipikanteng kaugnayan ba ang hangganan sa pagpapatupad ng mga guro sa programang pagpapabasa at antas ng kasanayan ng mga mag-aaral?
4. Anong mga hamon ang nararanasan ng mga guro sa pagpapatupad ng mga programa sa pagpapabasa?
5. Ano ang mga mungkahing kagamitang panturo na maaaring mabuo kaugnay ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral?

Metodolohiya

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito, na nakatuon sa paglalarawan ng mga programa sa pagbasa ng mga guro at antas ng kasanayan ng mga mag-aaral, ay gumagamit ng deskriptibong disenyo ng pananaliksik.

Ayon kay McCombes (2023), ang deskriptibong pananaliksik ay angkop gamitin sa mga pag-aaral na naglalayong kilalanin ang mga katangian, kalimitan, kalakaran, ugnayan, at kategorya ng isang penomenon. Sa metodong ito, ang mga programa at antas ng kasanayan ay susukatin sa pamamagitan ng mga datos na makakalap mula sa mga respondente ng sarbey. Ang disenyong ito ay nagbibigay-daan sa pangangalap ng numerikal na datos upang maisagawa ang pagsusuri at paghahambing sa mga sekondaryang impormasyon mula sa mga aklat at literatura.

Ang deskriptibong disenyo ay angkop sa kasalukuyang pag- aaral sapagkat layunin nitong ilalarawan at suriin ang mga umiiral na programa sa pagbasa, ang antas ng implementasyon ng mga guro, at ang kaugnayan nito sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Sa pamamagitan ng ganitong disenyo, masusukat ang mga salik na nakaaapekto sa bisa ng mga programang pampagbabasa at makabubuo ng mga mungkahing kagamitang panturo batay sa mga natuklasan.

Mga Kalahok sa Pag-aaral

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng mga guro mula sa Baitang 3 ng pampublikong paaralan sa elementarya sa Dibisyon ng Lunsod ng Batangas. Upang matiyak ang representasyon ng bawat paaralan, ginamit ang stratified random sampling. Sa kabuuang 314 na guro, napili ang 176 bilang sampol na kumakatawan sa populasyon. Ang bilang ng mga guro sa bawat paaralan ay hinati ayon sa porsyento ng kabuuang populasyon, gamit ang Slovin's formula (5% margin of error) upang matukoy ang tamang laki ng sampol.

Kagamitan sa Pananaliksik

Ang mananaliksik ay gumamit ng talatanungan bilang pangunahing instrumento upang ganap na makuha ang pananaw ng mga guro sa Baitang 3 una, mga aytem na tumutukoy sa mga programa sa pagbasa gaya ng Brigada Pagbasa, Hamon: Bawat Bata Bumabasa, at E-Readers; ikalawa, mga aytem na naglalarawan sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa tulad ng pagbigkas, pang-unawa, at pagsasalain ng konteksto; at ikatlo, mga aytem na tumutukoy sa mga balakid na kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng pagbasa sa Filipino.

Talatanungan

Ang talatanungan ay isinaalang-alang upang makuha ang antas ng kasanayan ng mga magaaral sa pagsusuri ng dagli, ganun rin pagtukoy sa lebel ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng nilalaman ng mga piling dagli antas ng kasanayan sa pagsusuri at ang kanilang lebel ng kritikal na pag-iisip sa pagsusuri ng nilalaman ng mga piling dagli.

Naghandang ang mananaliksik ng sampung katanungan sa bawat tiyak na suliranin upang higit na matukoy ang nais makuha ng mga pangunahing suliraning nabuo. Ito ay dumaan sa balidasyon ng tatlong eksperto sa larangan ng pagbuo ng instrumento at pagtuturo. Bawat tanong ay binubuo ng sampung tagapagpahiwatig. Lahat ng mga komento at suhestiyon ng mga *validators* ay isinaalang-alang at binigyang-pansin. Ang pinal na talatanungan ay muling ibinalik sa gurong tagapayo upang hingin ang pagsang-ayon. Ang mananaliksik ay tumalima sa mga ipinatutupad na polisiya hinggil sa sekyuridad at pamantayan ng Data Privacy Act. Lahat ng mga impormasyong nakalap ay mananatiling kumpidensiyal.

Paraan ng Pangangalap ng Datos

Sa pagkalap ng mga datos na kailangan para sa pag-aaral, ang mananaliksik ay nagsagawa ng sistematikong proseso ng pangangalap ng impormasyon. Una, nakipag-ugnayan siya sa Gurong Tagapayo at sa Dekana ng Graduate School ng Golden Gate Colleges upang makakuha ng pahintulot sa paggamit ng talatanungan at mga aytem na nilalaman nito.

Matapos maisagawa ang expert validation, gumawa ang mananaliksik ng opisyal na liham na lalagdaan ng Gurong Tagapayo at ng Dekana ng Graduate School. Ang nasabing liham ay isinumite sa nakakataas na tagapamahala na may sakop sa mga paaralang elementarya sa Dibisyon ng Lunsod ng Batangas upang humingi ng pormal na pag-apruba sa pagsasagawa ng pananaliksik.

Ang liham na ito ay magsisilbing opisyal na dokumento na magbibigay ng pahintulot sa distribusyon ng talatanungan. Kapag naaprubahan ang kahilingan, ipamimigay ang talatanungan sa mga guro sa Baitang 3 na magsisilbing pangunahing respondente ng pag-aaral, sapagkat sila ang direktang tagapagpatupad ng mga programang pampagbabasa gaya ng Brigada Pagbasa, E-Readers, at Hamon: Bawat Bata Bumabasa. Ang kanilang pananaw, karanasan, at obserbasyon ay mahalaga upang matukoy ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral at ang bisa ng mga programang ipinatutupad sa pagtuturo ng pagbasa sa Filipino.

Pagsusuri sa Datos

Ang numerikal na datos na nakuha mula sa pamimigay ng sarbey ay ilalagay sa mga talaan upang masuri. Gagamit ng mga paraang pang estadistika upang malaman ang mga sumusunod:

Weighted Mean. Ang mean ay gagamitin upang matukoy ang pangkalahatang average ng mga sagot ng mga guro sa bawat aytem ng talatanungan, kaugnay ng implementasyon ng mga programa sa pagbasa at antas ng kasanayan ng mga mag-aaral.

Frequency at Percentage. Ito ay gagamitin upang ipakita ang dami at porsiyento ng mga tugon sa bawat kategorya ng Likert scale, na makatutulong sa pag-unawa sa distribusyon ng mga sagot ng mga respondente.

Pearson *r* coefficient of correlation. Ang pamamaraan na ito ay gagamitin upang matukoy kung may kaugnayan at ang hangganan ng pagpapatupad ng mga programa sa pagbabasa sa Filipino.

RESULTA

Batay sa Talahanayan 2, malinaw na ipinapakita ang mataas na antas ng pagiging epektibo ng Brigada Pagbasa bilang isang programang interbensyon sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang composite mean na 3.6968 na may berbal na interpretasyong “Lubos na Sang-ayon” ay nagpapahiwatig na ang kabuuang pananaw ng mga respondente ay lubhang positibo hinggil sa implementasyon ng programa.

Talahanayan 2 PAGLALARAWAN NG HANGGANAN NG PAGPAPATUPAD SA MGA PROGRAMANG PAGPAPABASA

Aytem	Weighted Mean	Interpretasyong Berbal	Rango
Batay sa Brigada Pagbasa			
1. Natuto sa pagbabasa ng iba-ibang teksto	3.8649	Lubos na Sang-ayon	1
2. Nakapili ng libro na gusto nilang basahin	3.6054	Lubos na Sang-ayon	10



3. Aktibong sumasali sa mga talakayan sa klase	3.7243	Lubos na Sang-ayon	3
4. Nabigyan kahulugan ang mga mahihirap na salita	3.6162	Lubos na Sang-ayon	9
5. Nadagdagan marami silang alam na bagong salita	3.7351	Lubos na Sang-ayon	2
6. Nakatulong sa paglinang sa komunikasyon pasulat at pasalita	3.6324	Lubos na Sang-ayon	8
7. Napalawak ang talasalitaan / bokabularyo	3.7135	Lubos na Sang-ayon	5
8. Tumaas ang <i>self-confidence</i> o kumpiyansa sa sarili	3.6757	Lubos na Sang-ayon	7
9. Nagkaroon ng positibong saloobin sap ag-aaral lalo't higit sa pagbabasa	3.7189	Lubos na Sang-ayon	4
10. Tumaas ang interes sa pagbasa	3.6811	Lubos na Sang-ayon	6
Composite Mean	3.6968	Lubos na Sang-ayon	

Sa pagsusuri ng bawat aytem, ang may pinakamataas na weighted mean na 3.8649 (“Natuto sa pagbabasa ng iba’t ibang teksto”) ay nagpapakita na ang programa ay epektibo sa pagpapalawak ng reading exposure ng mga mag-aaral. Ito ay mahalaga sapagkat ang pagkakaroon ng iba’t ibang uri ng teksto ay nagdudulot ng mas malalim na pag-unawa at kritikal na pag-iisip.

Kasunod nito, ang mataas ding marka sa pagdaragdag ng bokabularyo at aktibong partisipasyon sa talakayan ay nagpapatunay na ang Brigada Pagbasa ay hindi lamang nakatuon sa mekanikal na pagbasa kundi pati sa paglinang ng komunikasyon at comprehension skills. Ipinapakita rin ng resulta na ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng mas mataas na kumpiyansa sa sarili, interes sa pagbasa, at positibong saloobin sa pag-aaral, na mahalagang sangkap sa pangmatagalang akademikong tagumpay.

Bagama’t ang aytem na “Nakapili ng libro na gusto nilang basahin” ay may pinakamababang mean na 3.6054, nananatili pa rin ito sa antas na “Lubos na Sang-ayon”. Ipinahihiwatig nito na bagama’t may kalayaan ang mga mag-aaral sa pagpili, maaaring may limitasyon pa rin sa availability o accessibility ng mga babasahin.

Sa kabuonan, ang mga resulta ay nagpapakita na ang Brigada Pagbasa ay may holistic na epekto—sumasaklaw sa kognitibo (pag-unawa), afektibo (saloobin), at sikomotor (partisipasyon) na aspeto ng pagkatuto.

Ang resulta ng pag-aaral ay sinusuportahan ng mga kontemporaryong pananaliksik. Ayon kina Garcia at Mendoza (2022) sa kanilang akdang “Impact of Reading Intervention Programs on Students’ Literacy Development”, ang mga programang pangpagbasa ay may malaking kontribusyon sa

pagpapalawak ng bokabularyo, pagpapataas ng reading comprehension, at pagpapalakas ng academic engagement ng mga mag-aaral.

Samantala, binigyang-diin ni Santos (2023) sa kanyang pag-aaral na “Reading Motivation and Learners’ Academic Performance” na ang mga mag-aaral na may mataas na interes sa pagbasa ay mas nagiging aktibo sa klase at mas nagkakaroon ng positibong pananaw sa pag-aaral. Dagdag pa niya, ang mga programang tulad ng Brigada Pagbasa ay nakatutulong sa pagtaas ng self-confidence at intrinsic motivation ng mga mag-aaral.

Ayon naman kay Lopez (2024) sa kanyang aklat na “Innovative Approaches in Literacy Instruction”, ang pagbibigay ng varied reading materials at learner-centered strategies ay mahalaga upang mapanatili ang interes ng mga mag-aaral at mapaunlad ang kanilang kasanayan sa komunikasyon at kritikal na pag-iisip.

Talahanayan 3

PAGLALARAWAN NG HANGGANAN NG PAGPAPATUPAD SA MGA PROGRAMANG PAGPAPABASA

Batay sa Programang E-Readers	Weighted Mean	Interpretasyong Berbal	Rango
1. Napabuti ang pag-unawa at pagpapanatili ng impormasyon sa pagbabasa	3.7405	Lubos na Sang-ayon	1
2. Lumawak ang access sa mga textbook at iba pang materyales sa pagbasa	3.5622	Lubos na Sang-ayon	9.5
3. Naiwasan ang <i>learning loss</i> o pag-urong ng kaalaman	3.6703	Lubos na Sang-ayon	3
4. Nalinang sa paggamit ng <i>educational reading activities, educational devices at mobile applications</i>	3.5838	Lubos na Sang-ayon	8
5. Naisaayos ang <i>setting ng display</i> ng e-reader ayon sa kagustuhan at pangangailangan ng mga mag-aaral	3.6000	Lubos na Sang-ayon	6
6. Natutong gumamit ng diksyunaryo, thesaurus, translator	3.5622	Lubos na Sang-ayon	9.5
7. Napalawak ang bokabularyo	3.6811	Lubos na Sang-ayon	2
8. Nakapili mula sa iba't ibang mga <i>mode, tema, o layout</i> upang lumikha ng sariling kapaligiran sa pagbabasa	3.6216	Lubos na Sang-ayon	4
9. Nalinang ang pakikinig na kasanayan (musika o mga <i>podcast</i> habang nagbabasa)	3.6108	Lubos na Sang-ayon	5
10. Malayang nakapagbabahagi ng mga ideya sa mga <i>social platforms</i>	3.5892	Lubos na Sang-ayon	7
Composite Mean	3.6222	Lubos na Sang-ayon	



Batay sa ipinakitang datos, ang composite mean na 3.6222 na may interpretasyong “Lubos na Sang-ayon” ay nagpapahiwatig na ang paggamit ng e-readers ay lubos na epektibo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na positibo ang pagtanggap ng mga respondente sa integrasyon ng teknolohiya sa proseso ng pagkatuto.

Ang pinakamataas na weighted mean na 3.7405 sa aytem na “Napabuti ang pag-unawa at pagpapanatili ng impormasyon sa pagbabasa” ay nagpapakita na ang e-readers ay nakatutulong sa reading comprehension at retention. Ayon sa Delgado et al. (2022) sa kanilang pag-aaral na “Don’t throw away your printed books: A meta-analysis on the effects of reading media on comprehension”, bagama’t may pagkakaiba ang digital at print reading, ang maayos na paggamit ng digital tools tulad ng e-readers ay maaaring magpahusay ng pag-unawa lalo na kung ito ay may *interactive features*.

Sumunod naman ang “Napalawak ang bokabularyo” (3.6811, Rank 2) at “Naiwasan ang learning loss” (3.6703, Rank 3), na nagpapahiwatig na ang e-readers ay nagsisilbing epektibong alternatibo sa tradisyunal na pagbasa, lalo na sa panahon ng digital learning. Sinusuportahan ito ng ulat ng UNESCO (2023) sa “Global Education Monitoring Report 2023”, kung saan binigyang-diin na ang *digital learning tools* ay nakatutulong upang maiwasan ang learning loss at mapanatili ang access sa edukasyon.

Makikita rin sa datos na ang mga aytem tulad ng pag-customize ng display, paggamit ng diksyunaryo at translator, at pagpili ng reading environment ay may mataas na mean, na nagpapakita ng learner-centered at flexible na katangian ng e-readers. Ayon kina OECD (2022) sa “Digital Education Outlook”, ang paggamit ng digital devices sa edukasyon ay nagpapataas ng autonomy at engagement ng mga mag-aaral dahil naaayon ito sa kanilang pangangailangan at estilo ng pagkatuto.

Gayunpaman, ang mga aytem na may mas mababang ranggo tulad ng “Lumawak ang access sa textbook” (3.5622) at “Paggamit ng diksyunaryo/thesaurus/translator” (3.5622) ay nagpapahiwatig na bagama’t epektibo ang e-readers, maaaring may mga limitasyon sa access, internet connectivity, o digital literacy ng mga mag-aaral.

Talahanayan 4
PAGLALARAWAN NG HANGGANAN NG PAGPAPATUPAD SA MGA PROGRAMANG
PAGPAPABASA

Batay sa Hamon: Bawat Bata Bumabasa	Weighted Mean	Interpretasyong Berbal	Rango
1. Naging independiyenteng mambabasa sa kanilang antas ng baiting	3.7243	Lubos na Sang-ayon	1
2. Nabigyan ng mga materyales na angkop sa pagbasa at kanilang kakayahang	3.5081	Lubos na Sang-ayon	9.5
3. Naintindihan ang kwento sa libro o sa e-platform	3.5081	Lubos na Sang-ayon	9.5
4. Nakakapili ng librong gustong basahin	3.5838	Lubos na Sang-ayon	8
5. Naganyak na magbasa ng iba't-ibang genre ng aklat	3.6649	Lubos na Sang-ayon	3
6. Natukoy ang mga panunahing character at moral ng istoryang binasa	3.6000	Lubos na Sang-ayon	7
7. Nalinang ang pang-unawa at pagbigay kahulugan sa mga salita	3.6703	Lubos na Sang-ayon	2
8. Natuto bumasa nang mabilis, wasto, at may tamang ekspresyon	3.6216	Lubos na Sang-ayon	5
9. Natukoy ang mga detalye, at nakagawa ng mga hinuha batay sa teksto	3.6270	Lubos na Sang-ayon	4
10. Natutong basahin ang mga salita sa pamamagitan ng pag-unawa sa tunog ng bawat titik o grupo ng mga titik	3.6595	Lubos na Sang-ayon	6
Composite Mean	3.6168	Lubos na Sang-ayon	

Ang composite mean na 3.6168 na may berbal na interpretasyong “Lubos na Sang-ayon” ay nagpapahiwatig na ang programang Hamon: Bawat Bata Bumabasa (3B’s Initiative) ay mataas ang antas ng pagiging epektibo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na positibong naranasan ng mga respondente ang implementasyon ng programa sa iba’t ibang aspeto ng *literacy development*.

Ang aytem na may pinakamataas na weighted mean na 3.7243 (“Naging independiyenteng mambabasa sa kanilang antas ng baitang”, Rank 1) ay nagpapakita na ang programa ay matagumpay sa paghubog ng learner autonomy. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng kakayahang bumasa nang mag-isa, na isang mahalagang layunin ng mga reading intervention programs.

Sinundan ito ng “Nalinang ang pang-unawa at pagbibigay-kahulugan sa mga salita” (3.6703, Rank 2) at “Naganyak na magbasa ng iba’t ibang genre” (3.6649, Rank 3), na nagpapakita na ang programa ay hindi lamang nakatuon sa decoding kundi pati sa comprehension at reading motivation. Ang mataas na marka sa pagkilala ng detalye, paggawa ng hinuha, at wastong pagbasa ay patunay na ang mga



mag-aaral ay nagkakaroon ng mas mataas na antas ng pag-unawa at kritikal na pag-iisip.

Samantala, ang mga aystem na may pinakamababang weighted mean tulad ng “Nabigyan ng angkop na materyales” at “Naintindihan ang kwento sa libro o e-platform” (parehong 3.5081, Rank 9.5) ay nananatili pa ring “Lubos na Sang-ayon”, ngunit maaaring magpahiwatig ng limitasyon sa availability o accessibility ng learning resources, lalo na *sa digital o printed materials*.

Ang mga natuklasan ng pag-aaral ay sinusuportahan ng mga kontemporaryong pananaliksik. Ayon sa Department of Education (2022) sa kanilang ulat hinggil sa “Hamon: Bawat Bata Bumabasa (3Bs Initiative)”, layunin ng programa na matiyak na ang bawat mag-aaral ay makakamit ang antas ng kasanayan sa pagbasa na naaayon sa kanilang baitang, sa pamamagitan ng pagbibigay ng interbensyon at angkop na materyales. Samantala, binigyang-diin ng UNESCO (2023) sa “Global Education Monitoring Report 2023” na ang mga programang nakatuon sa foundational literacy ay mahalaga upang maiwasan ang learning gaps at mapalakas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pangmatagalang pagkatuto.

Dagdag pa rito, ayon kina OECD (2022) sa “PISA 2022 Results: The State of Learning”, ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng reading engagement at comprehension ay mas nagkakaroon ng mas mataas na academic performance. Ipinapakita rin sa ulat na ang exposure sa iba’t ibang teksto at genre ay nakatutulong sa paglinang ng critical thinking skills.

Ipinapakita ng resulta na ang programang Hamon: Bawat Bata Bumabasa ay may malawak at positibong epekto sa: Paglinang ng independiyenteng pagbasa; Pagpapalawak ng bokabularyo; Pag-unawa sa teksto; at Pagpapataas ng interes at motibasyon sa pagbasa; Pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip.

Ang mataas na composite mean ay nagpapahiwatig na ang programa ay epektibong naipatatupad at nakatutulong sa *holistic development ng literacy skills* ng mga mag-aaral

Talahanayan 5
ANTAS NG KASANAYAN NG MAG-AARAL SA PAGBASA

Batay sa Pagbigkas	Weighted Mean	Interpretasyong Berbal	Ranggo
Nakikilala at nabibigkas nang wasto ang pagkakaiba ng mga tunog ng mga titik at salita	3.6811	Pinakamataas na Kasanayan	1
Nababasa ng maayos ang mga salita at pangungusap	3.5568	Pinakamataas na Kasanayan	6.5
Nauunawan ng epektibo ang mga ideya o kaisipan na nakapaloob sa tekstong binasa	3.5622	Pinakamataas na Kasanayan	5
Nauunawan ang mga salitang hindi pamilyar sa pamamagitan ng pag-unawa sa kabuuan ng binasa	3.5568	Pinakamataas na Kasanayan	6.5
Naipapahayag ang mga salita nang malinaw at nauunawaan ng mga nakikinig	3.6162	Pinakamataas na Kasanayan	3
May kumpiyansa sa sarili na magsalita sa harap ng iba at hindi nahihya o natatakot magkamali	3.5892	Pinakamataas na Kasanayan	4
Nagagamit ang tamang tono at intonasyon upang maipahayag ang damdamin at kahulugan ng sinasabi	3.6373	Pinakamataas na Kasanayan	2
Composite Mean	3.5999	Pinakamataas na Kasanayan	

Batay sa ipinakitang datos, ang composite mean na 3.5999 na may interpretasyong “Pinakamataas na Kasanayan” ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kasanayan sa pagbigkas o oral reading. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay may kakayahang bigkasin nang wasto ang mga salita, may malinaw na pag-unawa sa binabasa, at may kakayahang ipahayag ito nang maayos sa harap ng iba.

